# JA PasiklabinangPangarap

## Kaalaman sa Pananalapi, Personal na Paglago

JA Philippines
Member of JA Worldwide

| | |
|---|---|
| **Haba ng Programa** | 7 oras kabuuan<br>– Mga sesyon na pinamumunuan ng boluntaryo (4 x 1 oras o 2 x 2 oras)<br>– Pag-aaral online (2 oras)<br>– Pagbabahagi sa paaralan (1 oras) |
| **Mga Pinupunteryang Kalahok** | Mga mag-aaral sa Baitang 4 hanggang Baitang 6 |
| **Ayos ng Programa** | *Face-to-face* o *online* |

| | |
|---|---|
| **Laki ng Klase** | 20 – 25 |
| **Wika** | Ingles o Tagalog |
| **Tungkulin ng Paaralan** | Ang paaralan ay maglalaan ng lugar, isa o higit pang guro o kawani sa pagtuturo para suportahan ang koordinasyon sa mag-aaral |
| **Halaga** | Libre |

## Introduction

Ang *JA PasiklabinangPangarap* ay isang panlahatang programang naglalayong hubugin sa murang edad ang kaalaman sa pananalapi ng mga mag-aaral sa elementarya at hikayatin silang isabuhay ang kanilang pangarap. Ang programang ito ay nagbibigay ng *skillsets* sa mga mag-aaral upang maging mga indibidwal na mahusay sa karunungang pinansyal, at ang kanilang kaisipan at balangkas ay maging *socially-minded*, positibong ambag sa komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga kasangkapan at oportunidad para manguna sa kanilang kinabukasang pinansyal.

## Mga Itinatampok ng Programa

Ang programang ito ay binubuo ng apat na mga sesyon na may tatlong aspeto: kamalayang pinansyal, karunungang pinansyal, at ekonomiko at sosyal na pagsasama. Pauunlarin ang karunungang pinansyal ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang karanasan na nagsasama-sama ng mga aralin ukol sa pamamahalang pinansyal na pinangungunahan ng mga boluntaryong negosyante, interaktibong online learning platform, mga aktibidad pampamilya, ugnayang pankomunidad, at isang palitan ng mga mag-aaral sa panrehiyonal na kaganapan.

## Mga Sesyong Pinamumunuan ng Boluntaryo

### 1 Sesyon 1: Perang Mahalaga I

Mauunawaan ng mga mag-aaral ang papel at halaga ng pera sa pang-araw araw na buhay at magiging pamilyar sa mga susing pagkakaiba sa pagitan ng pagkita, pag-iipon, at paggastos. Matututo silang kilalanin ang mga pangangailangan at kagustuhan at maunawaan ang mga benepisyo ng pag-iipon.

### 2 Sesyon 2: Perang Mahalaga II

Matututo ang mga mag-aaral na mamahala ng personal na badyet at ipaliwanag ang mga benepisyo nito. Maglalaro sila ng barahang JA PasiklabinangPangarap upang palakasin ang kanilang kakayahan sa pamamahala ng pera at mag-ensayo gumawa ng mabubuting pinansyal na desisyon.

### 3 Sesyon 3: Isabuhay ang Aking mga Pangarap

Mauunawaan ng mga mag-aaral ang konsepto ng kaalaman sa sarili sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang mga kakayahan, interes, at asal. Matututunan nilang obserbahan ang komunidad, tuklasin ang mga pangangailangan ng tao, at bumuo ng malilikhaing solusyon sa pamamagitan ng paggamit ng *user-centric* na kakayahang pag-iisip.

### 4 Sesyon 4: Ang Pagbabahagi ay Pagmamalasakit

Pahahalagahan ng mga mag-aaral kung paano sila makagagawa ng pagkakaiba sa kanilang komunidad. Magtatrabaho sila sa mga pangkat para bumuo ng *social innovation plan* at ipresenta ang plano sa klase. Ipapahayag nila ang kanilang pagiging malikhain at bubuo ng kumpiyansa sa buong proseso.

## 5 Online Learning Platform

Isang dedikadong *online learning platform* para ipagpatuloy at tuluyang iangkla ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutunan mula sa mga sesyong pinamunuan ng mga boluntaryo. Kasama sa *platform* ang mga *simulation game*, pagsusulit, at iba pang masasayang aktibidad na itinatampok upang pagtibayin ang mga konseptong tinalakay sa mga nakaraang sesyong pinamunuan ng boluntaryo.

## 6 Pamilya, mga Kaibigan, at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Sakop ng programang ito ang iba't ibang sangkap ng pakikipag-ugnayan sa pamilya, kaibigan at komunidad:

- Lahat ng mag-aaral ay makatatanggap ng *Family Activity Guide* para iuwi at ibahagi sa kanilang mga magulang/miyembro ng pamilya.
- Kikilalanin din ang mga mag-aaral bilang *Student Ambassadors* at mapupukaw na magbigay pabalik sa pamamagitan ng pamamahagi ng natutunan nila kasama ang kanilang mga kaibigan.
- Isang birtwal na kaganapang palitang panrehiyonal ay gaganapin kada taon para magpalitan ng mga ideya ang mga mag-aaral sa Asia Pacific at palawakin ang kanilang kagiliran.

## Makukuha ng mga Mag-aaral

- Kaunlaran sa kabuuang pag-unawa ng kaalaman sa pananalapi at ekonomiko at sosyal na pagsasama
- Ang abilidad na magsagawa ng maalam na desisyong pinansyal sa iba't ibang yugto ng buhay at lumikha ng mataas na antas ng katatagang pinansyal
- Karagdagang abilidad sa pagiging malikhain, pag-iisip ng disenyo at iba pang kasanayan sa kabuhayan
- Pinahusay na pag-unawa sa, at abilidad na magpakita ng, katatagan at pagka-epektibo ng sarili
- Oportunidad na magtrabaho bilang pangkat at magsanay sa pagbuo ng pangkat at kasanayang *interpersonal*
- Oportunidad na makipag-ugnayan sa mga propesyonal sa negosyo
- Oportunidad para sa ilang mag-aaral na makipag-ugnayan sa mga mag-aaral mula sa ibang bansa sa isang taunang panrehiyonal na kaganapan

## Tungkol sa JA PH

Ang Junior Achievement Philippines (JA PH) ay isa sa 100+ na miyembro ng JA Worldwide, and a leading provider of Other Learning Experiences in Hong Kong. Our programmes enable young people to learn the world of work from the first-hand experience of business volunteers. Since our establishment in 2001, we have engaged the support of over 28,000 business volunteers from some 700 companies to serve more than 420,000 students from over 600 schools.

As one of the world's largest youth-serving NGOs, JA Worldwide prepares young people for employment and entrepreneurship. For 100 years, JA has delivered hands on, experiential learning in work readiness, financial literacy, and entrepreneurship. We create pathways for employ ability, job creation, and financial success. Each year, our network of over 450,000 volunteers serves more than 10 million students in over 100 countries.

Enquiries :
(02) 243 2483 / info@japionline.org

Organised by JA Philippines (Member of JA Worldwide)

Sponsored by FWD insurance